Espesyal na Isyu Hulyo 8, 2005 www.philippinerevolution.org

Ibagsak ang pasista at papet na rehimeng Arroyo!

Komiteng Tagpapagpagap ng Komiteng Sentral Partido Komunista ng Pilipinas

ubos nang nawalan ng kredibilidad ang papet at pasis-Itang naghaharing rehimeng Macapagal-Arroyo at ngayo'y nasa bingit ng pagbagsak. Desperado itong lumalaban at nagmamaniobra para iligtas ang sarili, mangunyapit sa kapangyarihan at patuloy na makapagpasasa sa mga pribilehiyo at kurakot. Pero habang nagmamatigas si Arroyo sa pagtatakip sa kanyang mga krimen at pananatili sa poder, lalong lumalawak at nagaalab ang panawagan sa kanyang pagbibitiw, lumalaki ang biyak sa gabinete at naghaharing koalisyon, at lumalala ang paralisis sa gobyerno. May mga makapangyarihang grupo ng malalaking burges kumprador na handa nang isakripisyo si Arroyo at nanawagan na kanyang pagbibitiw. Tumitindi ang ahitasyon at maniobrahan sa loob ng AFP at PNP. May mga senvales na nagpapahiwatig ng paghahanda ang US sa posibilidad ng paglaglag nito kay Arroyo. Kaalinsabay, pumipiga pa rin ang US ng higit pang konsesyon mula sa naghihingalong rehimeng desperado para sa suporta ng US.

Habang hindi pa tunay na malakihan at makapangyarihan ang paghugos ng masa sa mga protesta sa lansangan, habang wala pang nakatayong kapani-paniwalang alternatiba—indibidwal o kolektibo-na makabibigkis sa pinakamalapad na hanay ng mamamayang nagtatakwil sa rehimen, habang nakatindig pa ang mayoryang kontrol ng koalisyong maka-Arroyo sa Kongreso na nakapagbibigay ng konstitusyunal na basbas sa rehimen, at habang wala pang malaking bitak sa kontrol ni Arrovo sa AFP at PNP—patuloy na makapaggigiit ang pangkating Arroyo na manatili sa poder. Dahil hindi na uubra ang simpleng pagmamaangmaangan, hinahamon ni Arrovo ang oposisyon at mga nananawaqan ng pagbibitiw na pumaloob sa proseso ng impeachment, bagay na nasa kontrol ng mayoryang Lakas-NPC-Kampi sa kongreso. makuha ang inisyatiba sa pulitika at tabunan ang usapin sa dayaan sa eleksyon, minamadali ni Arroyo at Speaker Jose de Venecia ang pag-amyenda sa konstitusyon at pagbabago sa anyo ng gubyerno.

Bagamat pilit binabalutan ng repormismo, ang pananatili ni Arroyo sa poder ay maaari lamang sa pamamagitan ng pagpapatigas ng suporta sa kanya ng US at ng mga pwersang sagad-saring papet, pasista at reaksyunaryo sa buru-krasyang militar at sibil. Nagbabadya ito ng mga patakaran at palakad na mas masahol pang

papet, pasista at antimasa. Sa kabilang banda, mangangahulugan din ito ng mas mabilis pang pagkabulok ng sistemang malakolonyal at malapyudal.

Sa desperasyong manatili sa poder, malaki rin ang posibilidad na gamitin ng pangkating Arroyo ang AFP at PNP sa mga pakanang "wag the dog"—gaya ng mga gawa-gawang pakana o atakeng terorista para bigyang-matwid ang malawakang panunupil sa kilusang masa at mga pwersang anti-Arroyo.

Wastong pinaiigting ng mga progresibong pwersa ang pakikibaka para pabagsakin ang papet at pasistang naghaharing rehimeng Macapagal-Arroyo sa pamamagitan ng pagpapatalsik o pagbibitiw. Mahigpit itong hinihingi ng masa ng sambayanang labis na pinahihirapan ng rehimeng sunud-sunuran sa mga dayuhang imperyalista, abusado sa mga karapatang-tao, anti-manggagawa, anti-magsasaka, at bulok. Sa harap ng nagngangalit na krisis sa pulitika at ekonomya, dapat mapangahas na pamunuan ang malawak na masa pabagsakin ang papet at pasistang rehimen at itaquyod ang mga adhikaing pambansa at demokratiko.

Mabilis na gumugulong ang mga protesta at panawagan para sa

pagpapatalsik. Pero kailangang ilang ulit pang palawakin at palakasin ang mga ito. Kailangan ding gawin ito nang mabilisan. Obligadong ituluy-tuloy ang bwelo ng mga protestang masa para lalo pang mapatindi ang presyur ng publiko sa rehimeng Arroyo at maengganyo ang paglaban ng papalawak nang papalawak na hanay ng karaniwang mamamayan. Bukod sa pagtitipon sa lansangan ng papalaking bilang ng mamamayan, ang kilusang protesta at panawagan sa pagpapatalsik ay kailangang mabilis na palawakin pa sa mga sektor, laluna sa hanay ng batayang masa at sa mga maimpluwensya sa opinyong publiko, sa pambansang saklaw at sa mga rehiyon.

Mahigpit na magkaugnay ang pagpapalaki ng kilusang protesta at pagbubuo ng pinakamalapad na nagkakaisang prente para sa pagpapabagsak sa papet at pasistang rehimen. Ito ay isang taktikal na alyansa sa pagitan ng mga progresibong pwersa at pinakamalapad na hanay ng mga pwersang lumalaban at nagtatakwil sa naghaharing rehimen, batay sa pagtataguyod ng pagpapatalsik at mga pinakasaligang prinsipyong pambansa at demokratiko ng sambayanang Pilipino. Pangunahing layunin nito ang pag-engganyo sa paglahok at pagsuporta sa kilusang pagpapatalsik ng lahat ng pwedeng makabig at ang pagpapalakas ng iba't ibang anyo ng protesta at pakikibakang masa.

Ang lundo ng kilusan at pakikibaka para sa pagpapatalsik ay nasa mga larangan at pakikibakang ligal at di-armado. Pero esensyal ang pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa buong kapuluan sa kasalukuyang sitwasyon at sa pakikibaka para ibagsak ang papet at pasistang rehimen. Ito ay karampatang ganti sa ibayong pagpapaigting ng rehimen sa mga pagpapahirap sa ekonomya, pasistang terorismo at dayuhang interbensyong militar. Kinakailangan din ito para puntiryahin at pahinain ang paghawak ng pangkating Arroyo sa AFP at PNP, at para ipakita na ang sitwasyon ay humulagpos na sa pagkontrol ng rehimen.

Sa tuwiran at di tuwirang paraan, dapat iugnay at ikoordina sa pakikibaka para sa pagpapatalsik ang iba pang partikular na mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika, sektoral at lokal. Dapat magpalakas at magpalawak sa nasasaklaw at suportang tinatamasa ng isa't isa ang pakikibaka para sa pagpapatalsik at mga partikular na pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika ng mga sektor at teritoryo.

Sa pagbubuo ng malapad na nagkakaisang prente, kailangang harapin at resolbahin ang ilang usapin:

Una, pinakamainam na ang programa ng malawak na nagkakaisang prente ay naqdadala ng mga saligang prinsipyong pambansa at demokratiko. Kailangan ito para mapalawak ang saklaw nq mapagkakaisa at mapakikilos at upang maituon ang kalakhang pansin ng pinakamarami sa pagpapaigting ng aktwal na pakikibaka para sa pagpapatalsik. Ang mga lalamnin ng programa ay maaari pang palawigin habang sumusulong ang pakikibaka at depende sa pangangailangan. Kabilang sa mga prinsipyong ito ang:

- ▶Pagtataguyod sa pambansang soberanya
- ▶Reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon
- ►Makabayan at siyentipikong kultura
- ▶Independyenteng patakarang panlabas para sa kaunlaran at pandaigdigang kapayapaan laban sa agresyon

Sa pagpapatalsik kay Arroyo, maaaring itayo ng malawak na nagkakaisang prente ang isang rebolusyonaryong konsehong transisyon (revolutionary transition council). Maaaring ang konsehong ito ang magpatawag ng eleksyon makaraan ang anim na buwan o maitatakdang maikling panahon; at mangunguna sa pagbubuo ng progresibo at demokratikong konstitusyon.

Pangalawa, habang sumusulong at umiigting ang pakikibaka, lalakas ang pangangailangan sa pormal na alyansang kikilanling pinuno ng malawak na hanay na lumalaban sa naghaharing rehimen. Batay sa aktwal na pagtutulungan sa pakikibaka para sa pagpapatalsik, umiiral na ang malapad ng nagkakaisang prente bagamat wala pa itong pormal na organisasvon. Ang koordinasyon at pagtutulungan ay ginagawa sa pamamagitan ng kumbinasyon ng mga ugnayang bilateral at multilateral na nakatuon sa pagtutulungan sa mga partikular na provekto at aktibidad.

Maaaring pumasok ang mga progresibong pwersa sa pormal na pakikipag-alyansa sa oposisyong pulitikal, kung saan maaaring makasama ang mga maka-Estrada at iba pang reaksyunaryong anti-Arroyo, habang mas nagiging puspusan at pukpukan ang paglaban nila sa naghaharing rehimen. Sa gayon, matingkad na mangingibabaw ang pagtutulungan sa paglaban sa komun na kaaway sa kasalukuyan at mailulugar ang anumang patulov na usapin kaugnav ng labanan noong Edsa 2. Pormal man o hindi ang nagkakaisang prente, kailangang pangalagaan ng mga progresibong pwersa ang kanilang sariling pampulitikang identidad.

Pangatlo, kailangang mabuo ang maraming andana ng mga alyansang sektoral at teritoryal para tunay na palaparin ang nagkakaisang prente. Nasa mga progresibong pwersa ang inisyatiba sa pagbubuo ng mga alyansang ito sa maraming sektor at lokalidad. Ang pagkapal at paglawak ng mga alyansang ito ay kontra-balanse din sa anumang maaaring kulang pa sa nagkakaisang prente sa pambansang antas. Maaaring buuin ang mga alyansang Resign na kasinglapad o higit pa sa inabot noong Estrada Resign Movement.

Pang-apat, wasto ang patuloy na pag-iwas ng mga progresibong pwersa na makipag-alyansa sa mga nagtaksil at rebisyunista na tuluytuloy na nagkakalat ng mga lasong mapanira laban sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, laban sa Partido at laban sa BHB. Gaya ng dati, ang pagdalo o pagpirma nila sa isang mas masaklaw na aktibidad o alyansa ay hindi

pumipigil sa mga progresibong pwersa na lumahok sa mga iyon sa layuning abutin ang mas malawak na hanay kahit naroon at nakatatawag ng pansin ang mga rebisyunista. Sa gayong mga pagkakataon, iniiwasan lamang ng mga progresibong pwersa na magbigay ng maling impresyon na napakalaki o tampok ang papel ng mga taksil at rebisyunista.

Kumukulo at lubhang pabagubago ang sitwasyon. Kailangang matamang subaybayan ang mga pangyayari at magmatyag sa mga bigla at hindi inaasahang mga pihit sitwasyon. Habang sa mapangahas na pinaiigting ang mga pakikibaka at nagpupursigi tungo sa positibong pagsulong, kailangang maging alerto palagi dahil napakaigting ng paksyunal na maniobrahan at labanan ng mga rekasyunaryo. Dapat maghanda sa posibilidad ng mga biglaang pagbaligtad ng mga hindi maaasahang alyado, mga biglaang aregluhang lingid sa taumbayan, gayundin ng mga biglaang pasistang pag-atake sa mga progresibo. Mas malawak at mas malakas ang kilusang masa, mas malakas ang inisyatiba ng mga progresibo at mas nasa bentaheng pusisyon sila sa pagharap sa mga biglaan at kahit mga negatibong pihit sa sitwasyon.

Anuman ang mangyari sa paksyunal na labanan ng mga reaksyunaryo, magpapatuloy ang pagkabulok ng sistemang malakolonyal at malapyudal at magpapatuloy ang maigting na hangad ng malawak na masa sa pundamental na pagbabago habang hindi nalulutas ang mga kumukulong pundamental na kontradiksyong pambansa at panlipunan.